# 1

*Parang walang nagbago*, naisip ni Allan nang papasok na ang kanyang kotse sa bayang sinilangan habang iginagala ang paningin niya sa paligid. He smiled wryly. Sa biglang tingin, parang hindi nga nagbago ang San Bartolome.

Pumapatak ang ulan, gaya ng pagpatak ng kanyang luha, noong lisanin niya ang bayang iyon sampung taon na ang nakalipas. At sa kanyang pagbabalik, ulan pa rin ang sumalubong sa kanya. Hindi ba dapat ay maaliwalas ang kapaligiran? After all, he was coming home as a very successful man. Wala nang puwedeng umapi sa kanya.

Bahagya nang tumigil ang ulan nang marating niya ang pamayanan. Napagtanto niyang mali siya. Nagbago na ang lugar. Ang dating payak na nayon ay isa na ngayong business district. Establishments were booming everywhere.

*Bakit ka nga ba nagbalik, Allan Cabrera?* tanong niya sa sarili. Pilit niyang kinukumbinsi ang sarili na kailangan lamang niyang magpahinga, pero sa kaibuturan ng kanyang puso, alam niyang hindi iyon ang tanging dahilan.

Slowly, he drove onto the main street of downtown. Panay ang linga niya sa mga taong nadaraanan. May mga nakita siyang pamilyar na mukha, ngunit hindi ang mga iyon ang gusto niyang makita.

Nang maraanan ang isang coffee shop, minabuti niyang tumigil muna roon. He slowly maneuvered his car into an empty parking space.

The moment he stepped out of the car, he felt a grip of nostalgia. Pakiramdam niya, hindi siya kailanman umalis sa bayang kinalakhan. Kahit hindi naging maganda ang mga pangyayari sa kanya sa lugar na iyon, he still considered San Bartolome as his home.

Pumasok siya sa coffee shop at nag-order ng kape. Naupo siya sa isang sulok. Mula sa kinauupuan, kitang-kita niya ang kapaligiran, maging ang mga taong dumaraan dahil gawa sa salamin ang bahaging iyon ng dingding ng coffee shop.

Napagtuunan ni Allan ng pansin ang namamasa-masang glass panel. Instinctively, isinulat niya ang kanyang pangalan sa pamamagitan ng hintuturo. Gaya ng nakaugalian niyang gawin noon sa bintanang salamin sa library ng kanilang paaralan tuwing umuulan. Gaya ni Pia.

Ayaw man niyang aminin, may bumubulong sa kanya na ang babae ang totoong dahilan kung bakit siya nagbalik doon. He shuddered at that thought.

Nang umalis siya, sinikap niyang makibalita ng tungkol kay Pia. Isang bagay na tinigilan niyang gawin mula nang mabalitaan niyang nagpakasal na ito. Since then, he had not tried to keep in touch with anyone. Sinikap niyang kalimutan ang bayang iyon, lalung-lalo na si Pia. Pero hindi siya nagtagumpay.

Maliit lang talaga ang mundo. Kamakailan lang, di-sinasadyang nagkita sila ni Rodolfo sa isang mall sa Manila. Si Rodolfo ay taga-San Bartolome rin at matalik niyang kaibigan mula pagkabata. Isa na itong agricultural engineer ngayon at may sarili nang palay-buying station sa kanilang lugar. Napangasawa nito si Gemma na kabarkada rin nila dati.

Pagkatapos ng kumustahan, hinintay niyang may mabanggit ito tungkol kay Pia subalit wala siyang narinig mula rito. Mangani-nganing tanungin na niya ito tungkol sa dating nobya. Hindi niya iyon ginawa dahil ayaw niyang magmistulang patay na patay pa rin kay Pia pagkatapos ng lahat ng nangyari sa kanilang dalawa.

Hindi siya pinakawalan ng kaibigan hangga't

hindi niya ipinangakong bibisitahin niya ito rito sa San Bartolome. So insincerely, Allan promised to visit him. Gayunpaman, hindi siya nagbigay ng eksaktong araw ng kanyang pagdating. And it was because he never intended to keep his promise. Until today.

Heto siya ngayon sa bayang sinilangan. And it was not because of that promise to an old friend.

He silently cursed himself knowing that he had not really gotten over Pia after all these years. Marahil, totoo nga ang kasabihang ‘first love never dies.’

*Kumusta na kaya siya?* Maraming beses sa loob ng sampung taon na lumipas na tinanong niya iyon sa sarili. He wondered how she looked today. Siguro may mga anak na ito, wala na ang balingkinitan nitong katawan, losyang na ito ngayon. Pilit niyang pinapapangit ang imahe ng babaeng minsan niyang itinuring na pinakamagandang babae sa balat ng lupa.

Hindi niya kilala kung sino ang napangasawa ni Pia. Nabanggit ng nagbalita sa kanya ang pangalan ng naging asawa nito pero pilit niyang kinalimutan iyon. Isipin lang niyang may ibang lalaki nang humahaplos sa mala-porselanang kutis ng dating

nobya ay para na siyang mamamatay.

Pagkaubos niya ng kape, lumabas siya ng coffee shop. Minabuti niyang maglakad-lakad muna. Tutal maaga siya sa oras ng itinakdang pagkikita nila ni Rodolfo.

San Bartolome indeed has changed. Kabi-kabila ang mga infrastructure projects. Kung may hindi man nabago sa lugar, iyon ay ang mga luntiang bulubundukin na natatanaw niya mula sa di-kalayuan.

Padaan siya sa isang convenience store nang may pumukaw sa kanyang atensyon—sa loob ay may isang babaeng may mahaba, makintab at straight na buhok. Kahit nakatalikod ito sa kanya, kilalang-kilala niya kung sino ang nagmamay-ari niyon. Hindi siya maaaring magkamali… si Pia iyon!

Looking closely now, he saw that she had not changed a bit. Katulad pa rin ito ng dating Pia na iniwan niya sampung taon na ang nakaraan. At hindi niya nagustuhan iyon. Gusto sana niyang makita na nagbago na ito at naging isang babae na hindi na niya mahal.

Bakit hindi ito naging mataba? Bakit hindi nangulubot ang kutis nito?

Namalayan na lang ni Allan na patungo na siya sa convenience store na iyon. Lumangitngit ang pinto nang pumasok siya. Dahilan kaya napalingon sa kanya ang babae. Nasa counter ito. Noon niya napagtantong nagtatrabaho ito roon. O marahil, pagmamay-ari nito ang tindahan. Discreetly, tinapunan niya ng tingin ang signage ng store: *Pia and Lana's Convenience Store.* Hindi nga siya nagkamali ng hinuha. Pero sino si Lana?

Their gazes met.

"Hello, Allan," kaswal na bati ni Pia bago nakapagsalita ang lalaki. Her face was devoid of any emotion.

He seethed inside. Para bang bumabati ito ng isang kakilala lang at hindi isang tao na minsan ay minahal nito.

"Hello, Pia," tugon niya. Lumapit siya sa counter na kinatatayuan nito. Sa malapitan, kitang-kita niya ang singsing sa ring finger nito. Halos isumpa niya ang lalaking naglagay niyon doon.

"Bakit ka nagbalik sa San Bartolome, Allan?" tanong nito.

*Nagbalik ako dahil sa 'yo.* "Inimbita ako ni Rodolfo para magbakasyon sa kanila."

"Yes, of course. Nabanggit nga ni Rodolfo sa akin na nagkita kayo sa Manila. Tinanggap mo nga raw ang imbitasyon niya. Pero hindi ko alam na tototohanin mo ang pagpunta rito," walang kainit-init na tugon nito.

"Bakit naman?" he inquired.

Bago ito nakasagot, bumukas ang pinto ng store at pumasok ang isang batang babae na kasama ng yaya nito. Parehong naka-raincoat ang dalawa. Lumapit ang mga ito kay Pia.

"Mommy, uuwi na kami ni Yaya," paalam ng bata. "Pakakainin ko pa si Hazel. Baka nagugutom na iyon."

Ngumiti ang ina nito. "O sige, pero mag-ingat kayo, ha! Madulas ang mga daan ngayon." Nilingon nito ang nakatatandang babae. "Yaya Viring, ikaw na ang bahala kay Lana."

"Opo, Ate," sagot ng babae.

Noon napansin ng batang babae si Allan. Pinagmasdan siya nito at sinalubong ang paningin niya. Sinulyapan nito ang ina na para bang nagtatanong ang mga mata.

"By the way, Allan, I'd like you to meet my

daughter, Lana," pakilala ni Pia sa anak nito.

"Hello, Lana," bati niya habang pinagmamasdang maigi ang mukha ng bata. Walang dudang anak ito ni Pia. Magkamukha ang dalawa. Pero hindi niya maintindihan kung bakit parang may pamilyar sa mukha ng bata na marahil ay nakuha nito sa ama nito. He wondered who her father was. Kakilala kaya niya iyon?

"H-hello po," kiming bati ng paslit. Halata sa mga mata nito na pinag-aaralan din nito ang anyo niya.

Hindi niya alam kung bakit pero tila magaan ang loob niya sa bata. Siguro dahil anak ito ng babaeng minahal niya. *At minamahal pa rin hanggang ngayon.* Kung sila ni Pia ang nagkatuluyan, marahil ay kasing-edad ng batang ito ang kanilang naging anak.

Ngunit hindi ganoon ang nangyari, anak ito ni Pia sa ibang lalaki. Tuloy, parang may nagdidikta sa kanya upang kamuhian ito.

"O, sige na, ingat kayo," taboy ng ina sa magyaya. Umalis na nga ang mga ito.

Sinundan ng binata ng tingin ang mga ito hanggang mawala sa paningin niya.

"Napakagandang bata," komento niya. "Kamukhang-kamukha mo siya."

"W-well, thank you." Ngumiti nang tipid ang babae.

"Ilang taon na siya?" tanong niya.

"W-walo," pakli nito. "Pero pag siya ang tinanong mo, thirteen na raw siya. Feeling niya, teenager na siya," she laughed. "Nakakatuwa, di ba? Ang mga bata, gusto agad tumanda."

"She could have been mine," he snapped. Nakaramdam siya ng magkahalong ngitngit at inggit sa kung sinumang naging asawa ng babae.

Natigilan naman si Pia.

Inusisa pa niya ito, "Ilan silang magkakapatid?"

"Only child si Lana. She's a darling. I couldn't ask for more." Napangiti ito pagkaalala sa anak.

"Sino si Hazel?"

"Kabayo niya iyon. She's fond of horses. Gusto yata niyang maging equestrienne balang araw."

"Really?" Natuwa si Allan. "In that case, I'm sure magkakasundo kami. Pareho pala kaming mahilig sa kabayo—"

"What's the point?" sabad ng dating kasintahan. Biglang tumalim ang tingin nito sa kanya. "Surely, hindi ka nagpunta dito para makasundo ang anak ko."

"Why are you bitter?" he howled. "Masama ba kung maging magiliw ako sa anak mo?" He pondered for a moment. "'Sabagay, hindi nga matutuwa roon ang asawa mo."

Hindi ito kumibo.

Iniba niya ang usapan. "Kumusta naman ang parents mo?" May pagka-sarcastic ang tono niya. Hindi nito iyon napansin.

"Sa awa ng Diyos, okay naman sila," malumanay na sagot nito.

"At hanggang ngayon, pinapatakbo pa rin nila ang buhay mo," dugtong niya.

Nagsalubong ang mga kilay ni Pia. "Kahit kailan, hindi nila pinatakbo ang buhay ko!" protesta nito.

Bahagyang tumaas ang mga kilay ng binata. "You really think so? At ano ang tawag mo sa ginawa nila sa atin? Di ba pagmamanipula 'yon?"

"At nagpamanipula ka naman. To put it bluntly, nagpabayad ka sa kanila. 'Tapos ay umalis ka at

iniwan ako," she blurted out. "Ipinaglaban mo sana ang pag-ibig natin."

Bago pa man nakasagot si Allan, may pumasok na customer sa tindahan.

"Sabihin mo, sarado ka na," pabulong na utos niya.

"And why would I do that?" she snapped. Tumalima na ito para asikasuhin ang babaeng mamimili.

Marahas siyang nagpakawala ng buntong-hininga. Ilang sandali lamang ay natapos ang customer sa pamimili nito. Muli siyang nagkaroon ng pagkakataon na masolo si Pia.

"Let's have dinner tonight," kaagad na imbita niya pagkalabas ng matandang babae.

"What for?" Nakataas ang isang kilay nito.

"For old times' sake."

Lalong nalukot ang mukha ng kausap. "Kung magsalita ka, parang walang nangyari. What do you expect? Pagbalik mo, gan'on pa rin ang madaratnan mo? Allan, it's been *ten* long years," she reminded him.

"Pero puwede pa nating ibalik ang nakaraan."

Napailing ito. "It's just not possible. Walang kahapong nagbabalik."

Hindi ipinahalata ng lalaki ang sakit na idinulot niyon sa puso niya. "But surely, we can be friends."

"Mas makakabuti kung hindi na tayo magkikita," matigas na sabi ng babae. Lumakad ito palapit sa pinto at binuksan iyon. "Hindi sa akin ang San Bartolome. Pero mas maigi kung bumalik ka na sa pinanggalingan mo. Kung gusto mo talagang mag-stay dito, *please,* you stay away from me. Now, go," pagtataboy nito.

Kumislap ang wedding ring sa daliri nito nang tamaan ng sinag ng araw na sumisilip mula sa likod ng mga ulap.

Noon natauhan si Allan. May asawa na nga pala si Pia. Hindi na talaga nila maibabalik ang dating samahan. He silently cursed himself for totally forgetting all about it.

Yuko ang ulong tinungo niya ang pinto at lumabas ng convenience store.

"Allan," she called out nang nakalabas na siya.

Napalingon siya.

"Enjoy your weekend. I'm sure Rodolfo and Gemma will see to it that you enjoy your visit." Pumasok na ito sa loob bago siya nakasagot.

Ipinagpatuloy ng lalaki ang paglalakad.

Bakit nga ba siya nagbalik pa? He was just making a fool out of himself. Pagkatapos ng sampung taon, wala na ang apoy na dating namamagitan sa kanila ni Pia. Sa parte niya ay maaaring walang nagbago. Pero sa babae…

Malamig na ang pakikitungo nito sa kanya. Hindi na niya puwedeng paglagablabin uli ang apoy lalo na at may ibang lalaki nang pumalit sa puwesto niya sa buhay nito.

Suddenly, he wanted to run away from it all. Away from her. Away from all the things that reminded him of her.

Humanap siya ng payphone at kaagad na nag-dial.

"Hello, Rodolfo, si Allan ito," sagot niya sa lalaking nasa kabilang linya.

"O, pare, nas'an ka na? Kanina ka pa namin hinihintay ni Gemma." Mukhang excited ang kaibigan base sa tinig nito.

Tumikhim siya. "Sorry, pare, pero hindi yata ako makakarating."

"Bakit naman? Gemma will be very disappointed," sabi nito sa tonong nalungkot.

"I'll make it up to you guys, I promise. Pasensya na pero hindi talaga 'ko puwede ngayon."

Rodolfo sighed. "Ikaw ang bahala. Basta dumalaw ka na lang dito anytime. Bukas palagi ang pinto namin para sa 'yo."

"Salamat, pare. Pakikumusta mo na lang ako kay Gemma." After saying their goodbyes, he hung up.

Binalikan ni Allan ang kanyang kotse at pinaharurot iyon palabas ng San Bartolome. Pero hindi pa man siya nakakalayo, muling sumagi sa kanyang isipan si Pia.

Why couldn't he just get rid of her?

# 2

*Who could it be?* nakakunot-noong tanong ni Pia sa sarili. Kasalukuyan siyang naliligo. At bagaman malakas ang lagaslas ng tubig, dinig na dinig niya na parang may taong naglalakad sa sala.

Wala siyang kasama noon. Ang kanyang anak na si Lana at si Yaya Viring ay nasa hacienda ng kanyang mga magulang at doon magpapalipas ng weekend.

Bahagya niyang hininaan ang tubig ng shower. Tinalasan niya ang kanyang pakiramdam. Hindi nga siya maaaring magkamali. May ibang tao sa loob ng bahay na iyon na animo naghahalungkat ng kung anu-ano.

Nagmamadaling tinapos niya ang paliligo. Nagsuot siya ng bathrobe at dali-daling lumabas ng banyo. Kinakabahang tinungo niya ang sala. Wala namang tao roon. Pero sa pagkakataong iyon, nakarinig naman siya ng mga kaluskos mula sa kusina.

“S-sino ’yan?” lakas-loob na tanong niya.

“Ako ’to.” Lumabas si Doña Filomena mula sa

kusina.

“Mama! Ano’ng ginagawa n’yo dito? Di ba naroon sa inyo si Lana?”

“Don’t worry, I won’t be long. Dinalhan lang kita ng sariwang prutas at gulay mula sa farm natin. Nagdala na rin ako ng fresh roses. My flowers are in bloom these days.”

“Thanks,” aniya at saka naupo sa isang silya sa harap ng dining table habang kinukuskos ng tuwalya ang buhok. “Paano nga pala kayo nakapasok, Ma? I didn’t hear you knock. Surely, you don’t have a spare key, do you?”

“Of course I don’t have a key. Hindi naka-lock ang pinto kaya nakapasok ako.” Sumeryoso ang mukha ng ginang. “Hija, huwag kang masyadong nagtitiwala sa panahong ito. Hindi na katulad ng dati na payapa ang bayang ito. Ngayon, may dumadayo na rito para lang gumawa ng masama.”

“Sige, Ma. Mula ngayon, ila-lock ko na lagi ang pinto,” sang-ayon na lang niya para matapos na ang usapan.

“Ewan ko ba naman sa ’yo kung bakit ayaw mong tumira na lang sa hacienda natin. This house is too small for you. Especially now that Lana is fast

growing up."

"Ma, let's not start this talk all over again. Masaya kami ni Lana dito. Ang kaligayahan, kahit kailan, ay hindi nasusukat sa laki ng bahay na tinitirahan," katuwiran niya.

"That's true," sang-ayon nito. "Pero, hija, ikaw na lang at ang aking apo ang tanging natitira sa amin ng papa mo. Why can't we just live under one roof?"

"Let's not argue, okay?" pakiusap ni Pia. "Late na ako sa pupuntahan ko." Tumayo na siya para umakyat na sa silid niya. Sumunod naman ang kanyang ina.

"O, siya, dalian mo ang pagbibihis. Ipapahatid na kita sa driver natin kung saan ka man pupunta."

"Thank you, Ma. Pero susunduin ako ni Eduardo."

"Si Eduardo na anak ni Mayor Torralba ng San Felipe?" bulalas nitong hindi makapaniwala. "At kailan pa kayo nagsimulang lumabas ni Eduardo?"

Palihim na umikot ang bilog ng mga mata ni Pia. "Mama, kailangan ko pa bang ipaalam sa inyo ang lahat ng aktibidades ko?" she asked in exasperation.

"Kay Eduardo, wala akong tutol. Mabait siyang

bata kaya sigurado akong magiging mabait din siya kay Lana. Kaya lang, hindi ko maintindihan ang batang 'yon. Mas gusto pa niyang magnegosyo kaysa sundan ang yapak ng kanyang pulitikong ama," napapailing na saad nito.

"Hayan ka naman, Ma. Hindi pa man, kumukontra ka na. Kahit sino pa sigurong lalaki ang ipakilala ko sa inyo ay hindi ninyo magugustuhan," maktol niya.

"Hindi pakikialam ang sa amin ng papa mo," kontra nito. "We only want the best for you, hija."

She sighed. "Ma, huwag na nating isali si Papa sa usapan. We know it. Sunud-sunuran lang naman siya sa bawat gawin at sabihin mo."

"That's not true!" Doña Filomena protested. "Lahat ng bagay ay pinag-uusapan namin ng papa mo."

"At kadalasan, 'yung kagustuhan pa rin ninyo ang masusunod," she concluded. "Katulad ng nangyari ten years ago."

"Pagtatalunan na naman ba natin ang bagay na 'yan?" Mukhang nasaktan ito sa sinabi niya. "Di ba tama naman kami ng papa mo sa ginawa namin?"

"Pero sumagi man lang ba sa isip ninyo noon na hindi importante sa akin kung tama kayo o mali? Na ang importante sa akin ay mahal ko siya? Naisip ba ninyo 'yon, Mama?" Ayaw niya sanang isumbat iyon pero ganoon ang naging dating ng tinig niya.

"Huwag na nating ungkatin ang nakaraan. Dapat masaya ka na. You now have Eduardo."

"Hindi ko mahal si Eduardo, Mama," diin niya. "Yeah, we're good friends. Pero hanggang doon na lang 'yon. Kaya huwag na ninyong pagplanuhan ang anumang tungkol sa amin ni Eduardo. Tama na ang minsan."

Lumungkot ang mukha ni Doña Filomena. Na-guilty naman si Pia. Kaagad niya itong nilapitan at niyakap. "Mama, naiintindihan ko kayo. Alam kong mahal ninyo ako. At gusto lang ninyong mapabuti ang buhay ko. Pero intindihin ninyo naman ako," pagsusumamo niya. "Beinte-ocho años na ako, Mama. I'm old enough to make my own decisions. I'm entitled to make my own mistakes and learn from it."

"Hindi ko pinapatakbo ang buhay mo, hija. Eversince, we let you decide for yourself. Nakaantabay lang kami ng papa mo para magbigay ng advice," anito.

"Look at what happened ten years ago. Masyado kang nabulag sa pag-ibig kaya naging bingi ka sa mga payo namin ng ama mo. Pero tama kami, hindi ba? Hindi siya ang lalaking nababagay sa 'yo. Hindi lang siya isang hamak na trabahador, mukha pa siyang pera."

Pia resigned. Alam niyang wala siyang panalo sa kanyang ina sa bagay na iyon. "Magbibihis na ako. Baka parating na si Eduardo. Paki-lock na lang ang pinto paglabas mo, Mama." Tinungo niya ang kanyang closet para maghanap ng isusuot.

"Saan ang punta n'yo?" Doña Filomena asked. Nakatayo pa rin ito sa bungad ng kanyang kuwarto.

She pivoted. "Mama, kailangan ko pa bang ipaalam sa inyo ang bawat lakad ko?"

"Kailangan kong malaman. Para just in case na kailangan ka ni Lana, we'll know where to contact you," katuwiran nito na lumapit sa kanya.

Naisip niyang may punto ang ina at ayaw na niyang makipagtalo. "It's Gemma's birthday. She and Rodolfo are having a barbecue party tonight."

"O, siya. Basta mag-ingat lang kayo," paalala nito. "Sometimes, parties could get rowdy."

"It's just an intimate party, Mama. Kaming mga kaibigan lang niya ang imbitado. So don't worry."

"Huwag kayong masyadong magpapagabi," pahabol nito bago humalik sa pisngi niya at lumabas sa silid.

Naiiling na lamang na sinundan ni Pia ng tingin ang matandang babae.

---

"You look great," puri ni Eduardo kay Pia nang pagbuksan niya ito ng pinto.

"Bola," nangingiting sagot niya.

"Tell you what. Ano kaya kung huwag na lang tayong pumunta sa party? Sayang ang magandang suot mo. How about if we dine somewhere else? Perhaps we could have a stroll under the moonlight?" suhestyon nito.

"Ed," she said, exasperated, "alam mong magtatampo si Gemma pag hindi tayo nagpunta sa birthday niya."

"Just kidding," anitong bahagyang ngumiti. "Baka lang makalusot," dugtong pa nito.

"Hayan ka na naman," kaagad na pigil niya.

Ayaw niyang napupunta sa personal na bagay ang usapan.

"Actually, I'm serious," hirit nito. "Ikaw lang naman ang ayaw maniwala."

"Hay naku! Halika na nga." Hinila na niya ito sa braso.

---

"Seems like we're late," bulalas ni Eduardo nang marating nila ang bahay ni Rodolfo. Marami na kasi ang mga nakaparadang kotse sa driveway ng bahay. Magkahalong ingay ng halakhakan at musika ang naririnig nila mula sa likod-bahay. Mukhang kanina pa nagsimula ang kasayahan.

"Mauna ka na," utos nito. "Hahakutin ko lang ang dala kong beer."

"Tulungan na kita," boluntaryo ni Pia.

"At sisirain mo ang party dress mo?" Umiling ito. "You go ahead. I can manage."

She shrugged her shoulders. "Ikaw ang bahala. Sumunod ka na lang. Don't be long." Tinahak na niya ang daan patungo sa likod ng bahay.

"There you are!" bati ni Rodolfo sa kanya nang

makita siyang paparating. “Nas’an si Eduardo? Kakain na sana kami kahit wala pa kayo,” biro nito. Binigyan siya nito ng isang halik sa pisngi.

“I know you won’t. Mahirap yatang mabulunan. Dala yata namin ang beer,” nakangiting sabi niya.

Tamang-tama namang dumating si Eduardo, dala ang malaking barrel ng beer. Kaagad na nagboluntaryo ang ibang lalaking nandoon na tulungan ito. Sinimulan na ng mga ito ang tagayan. Pati si Rodolfo ay iniwan na siya at nakipag-inuman na sa mga ito.

Siya namang labas ni Gemma mula sa bahay. may dala-dala itong pagkain. Natuwa ito nang makita siya.

Nilapitan siya ng babae. “Hi!” anito.

“Mukhang abalang-abala ka. Ano ang puwede kong itulong?” tanong niya.

Gemma’s face brightened. “Ikaw na lang ang bahala sa salad. Expert ka naman d’un. Nasa refrigerator lahat ng ingredients. Nakahanda na ang tray sa ibabaw ng mesa.”

“O sige, ako na ang bahala d’un. Asikasuhin mo na lang ang mga bisita mo,” nakangiting saad niya.

Pumasok na siya sa loob ng bahay at tinungo ang kusina. Alam niya ang pasikut-sikot doon dahil malimit siya sa bahay na iyon. After all, best friend niya si Gemma.

Binuksan niya ang refrigerator. Nakahanda na nga lahat ang mga ingredients para sa salad. Inilabas niya ang mga iyon mula sa refrigerator at iniayos sa partitioned tray.

Kasalukuyan siyang gumagawa ng salad dressing nang may naulinigan siyang mga yabag palapit sa kusina na nanggaling sa isa sa mga kuwarto ng bahay. Inakala niyang isa iyon sa mga anak ni Gemma kaya ni hindi niya nilingon.

"Hello, Pia."

Kamuntik nang mabitawan ng babae ang bote ng mayonnaise. Parang nagsikip ang kanyang dibdib. Mabilis din siyang nakabawi. Bravely, hinarap niya ang lalaking nakasandal sa kitchen door. God! He looked so handsome. Halatang kaliligo lang nito dahil basa pa ang buhok.

"Hello, Allan." Boses ba niya iyon? It sounded so cool. Kabaligtaran ng tunay na nararamdaman niya. "Finally, you've come for a visit."

"Hindi ako tumuloy noon pero alam kong

alam mo ang dahilan. But now, hindi ko na talaga matanggihan si Gemma. After all, it's her birthday," kaswal na tugon ni Allan.

"Nasabi nga ni Gemma na tumawag ka nga raw na hindi ka matutuloy noon."

"At hindi mo man lang nabanggit sa kanya na nagkita tayo," dugtong nito, may bahagyang panunumbat sa tono.

"What's the point?" Huminga siya nang malalim at pinigilan ang inis na gustong bumangon sa dibdib niya. "Pero hindi ka man natuloy noon, sigurado akong natutuwa sila ngayon dahil nandito ka na."

"What about you?" he asked with arched eyebrows.

"What about me?" litong balik-tanong niya.

"Natutuwa ka ba na nandito ako?" Mataman siya nitong pinagmasdan na parang sinusubukang basahin ang isip niya. Nanginig lalo ang mga tuhod niya.

"S-siyempre naman," she lied. Tumalikod na siya at itinuloy ang ginagawang salad dressing.

"No, you're not, Pia. Your expression says otherwise," kontra ng binata.

"At kailan ka pa natutong magbasa ng emosyon?" pang-iiwas niya.

Bago pa man ito nakasagot, maagap na nadampot niya ang tray ng salad. She started to walk toward the back door. Nilingon niya si Allan bago siya lumabas ng kusina.

"Pakisunod naman 'yung bowl ng salad dressing, please." Hindi na niya ito hinintay na sumagot. Kaagad siyang lumabas sa back door. Hindi man siya lumilingon, alam niyang sumunod ito sa kanya.

"Ah, here comes our special guest," bulalas ni Rodolfo nang makita silang paparating. Obviously, hindi si Pia ang tinutukoy nito.

Kaagad na pinagkalimpunan ng mga panauhin ang binata. Noon lang nakita ng mga ito si Allan.

Kagyat niyang inilapag ang salad tray sa mesa. Lumapit siya kay Gemma na nagbabantay sa grill.

"Mukhang nasabik sila nang husto kay Allan," nasisiyahang sambit ng kaibigan na nakatingin sa grupo.

"Mukha nga," pakli niya.

"Why don't you join them?" susog nito. "Kaya ko na ito."

"Mas gusto ko rito," she quipped.

Tiningnan siya ni Gemma nang mataman. "Come on, you're not affected by Allan's presence, are you?" nakakunot-noong tanong nito.

"Of course not," paniniguro niya. Nagpasalamat siyang maayos niyang nasabi iyon.

"Mabuti naman." Parang nakahinga nang maluwag si Gemma. "Hindi ko na binanggit sa 'yo ang pagparito ni Allan kasi baka hindi ka sumipot. Alam mo namang hindi kompleto ang birthday ko pag wala ka."

"Bakit naman ako hindi sisipot?" She tried to put a cheery face. "Kung anuman ang namagitan sa amin ni Allan, wala na sa akin iyon. Why, that was ten long years ago!"

"Oo nga," sang-ayon nito. "Pero parang kailan lang, 'no?"

*Yeah, right*. Pinigilan niyang bumuntong-hininga. Parang kahapon nga lamang ang lahat.

Natatandaan pa niya nang una niyang makita si Allan— tall, dark and ruggedly handsome. He had that smile that could melt the coldest of hearts. At kasali siya roon.

Ten years had not changed him physically except that he looked mature. He still had that killer smile. Pero ang nakaalarma kay Pia ay ang epekto niyon sa kanya, na hindi nabago ng matagal na panahon. And for that, she wanted to run away from him.

*Baka naman run to him?* tudyo ng kanyang isipan.

Tamang-tama naman na lumapit sa kanila si Eduardo. Sa unang pagkakataon, na-appreciate niya na nasa tabi niya ito.

“Mmm... ang bango ng barbecue mo, Gemma,” puri nito.

“Here.” Nasisiyahang inabutan ito ni Gemma ng barbecue. “Gutom ka na yata,” kantyaw ng kaibigan.

Makikikantyaw sana si Pia nang masalubong niya ang galit na tingin ni Allan. Iyon ang isa pang katangian nito na hindi nagbago. Kaagad na sumasama ang tingin nito kapag may kasama o kausap siyang ibang lalaki.

Gusto niyang isipin na hindi rin nagbago ang pagtingin nito sa kanya.

Ten years ago, she fell for his charms. Pero tama na ang minsan. She vowed never to be ensnared by

his beguiling smile and expressive eyes again.

Doon niya kinailangan si Eduardo. Sinadya niyang maging extra sweet sa binata. At siniguro niyang nakita ni Allan ang closeness nila ng binatang manliligaw.

# 3

Eduardo proved to be a good shield from Allan. Dahil hindi nag-attempt ang huli lapitan si Pia habang tumatagal ang party.

Pero hindi umaayon sa babae ang pagkakataon. A sudden drizzle made the group decide to continue the party inside the house. At sa hindi kalakihang sala nina Gemma at Rodolfo, alam niyang hindi na niya magagawang iwasan pa ang dating nobyo.

Kanya-kanya sila ng puwesto sa loob ng bahay. Nahati sila sa maliliit na grupo. Ang mga iba naman ay nagsimulang magsayaw sa isang sulok.

Nakaupo sila ni Eduardo sa isang sofa at masayang nakikipaghuntahan kay Rodolfo nang makita niya sa malapit si Allan. Lihim siyang nagpasalamat dahil wala nang upuan para rito.

Subalit sadya yatang nanunukso ang pagkakataon. Dahil noon pa naisip ni Rodolfo na lagyan ng refill ang kanilang iniinom na punch.

"Is it okay if I sit with you guys?" tanong ni Allan. Bago pa man sila nakahuma ni Eduardo, naupo na ito sa nabakanteng single sofa.

"Okay lang," pakli niya. "But that's Rodolfo's seat."

"He'll have to fight me over it," he mocked.

She saw the need to have an introduction. Tumikhim muna siya. "I... I suppose you two have met."

"Ipinakilala na siya sa akin ni Rodolfo sa backyard kanina," ani Eduardo na tumatangu-tango.

"Anak si Eduardo ng mayor ng San Felipe," pagbibigay niya ng impormasyon.

"Really?" Kumunot ang noo ni Allan. "I remember Rodolfo telling me awhile ago that you are a businessman. Ayaw mo ba sa politics?"

"It's not my cup of tea," simpleng sagot ni Eduardo. "I just want to live a normal life, get married and have kids. But Pia here won't let me do that." Nakangiting tiningnan siya ng binata. "Well, not just yet," dugtong pa nito.

Sa unang pagkakataon, na-appreciate niya ang sinasabi ng lalaki. Halos mahalikan niya ito sa tuwa. He was living up to his role, and that was to keep Allan away from her.

But she could see that her ex-boyfriend was not

daunted. Nakita niyang masusi nitong pinag-aaralan ang lalaking katabi niya, like an animal assessing its prey. Kaya naman naging alerto siya sa mga kilos nito at maging sa mga hindi ikinikilos.

"Rodolfo hasn't changed, has he? He's still the merriest person in a party," sambit ni Allan, sa kanya nakatingin.

She tensed. She silently cursed Allan. Kahit kailan, hindi niya nabanggit kay Eduardo ang tungkol sa dating katipan.

Malakas naman ang pick-up ni Eduardo. "Magkakilala kayo dati?" tanong nito na sa kanya nakatingin.

Si Allan ang sumagot sa katanungan nito. "Yeah. Pia and I used to be *very good friends*."

Pinamulahan siya ng pisngi.

"That was a long, long time ago," maagap niyang sabi. Tinapunan niya ito ng masamang tingin.

Para namang walang epekto iyon sa binata. "Mukhang nakalimutan na tayo ni Rodolfo," anito na inaapuhap ng tingin kung nasaan ang kaibigan. Inabot nito ang isang kamay sa kanya. "Let me refill your glass," boluntaryo nito.

Bago pa nito nadampot ang baso, maagap na tumayo si Eduardo. “That’s my duty,” may pagka-possessive na sabi nito. Ayaw nitong may ibang nag-aasikaso sa kanya.

“Let me go with you,” pabulong na hiling niya rito. Ayaw niyang maiwan kasama si Allan.

“No, dito ka na lang,” tanggi nito. “I won’t be long.” At nagmamadali na itong kumuha ng kanilang maiinom.

She saw the triumphant look on Allan’s face. Noon niya napagtantong sinadya nito ang pangyayari. Nagawa nitong mailayo si Eduardo sa kanya. Pakiramdam niya, para siyang mandirigmang natanggalan ng armas.

“Natatakot ka ba?” tanong nito nang wala na si Eduardo. Nakataas ang isang sulok ng labi nito.

“Takot saan?” pagmamaang-maangan niya.

“Na mapag-isa kasama ko.”

“Why should I?” buong tapang na sabi niya. But her jumping nerves told her otherwise.

“Bakit hindi mo sinabi sa akin ang tungkol sa namayapa mong asawa, Pia?” panunumbat nito.

She was taken aback. Unconsciously, hinawakan niya ang wedding ring sa kanyang ring finger. “I thought it’s not necessary. Saka, akala ko alam mo na ang tungkol doon.”

“Kasasabi lang sa akin ni Rodolfo kanina. Parang hindi nga ako makapaniwala. Because you’re here with another man. Di ba dapat nagluluksa ka?” he mocked.

“Matagal nang patay si Jaime. Ano’ng gusto mo, magluluksa ako habambuhay?”

“So, Jaime ang pangalan niya.” Tumangu-tango ito.

“Jaime Cortez. Hindi ba nabanggit ni Rodolfo sa ’yo?”

“I didn’t care to ask,” pakli ni Allan. Hindi nito inalis ang matiim na tingin sa kanya. “Minahal mo ba siya?”

“Magbubunga ba ang pagmamahalan namin kung hindi ko siya minahal?” She silently thanked God for not stammering.

“Minahal mo ba siya nang higit sa akin?” tanong nito na ikinatulig niya.

“He was there for me when you left. Kung

minahal ko man siya nang labis, he deserved it, didn't he?"

He sighed. "This Jaime, saan mo siya nakilala? His name doesn't ring a bell. Taga-San Felipe rin ba siya tulad ni Eduardo?"

Minabuti ni Pia na sagutin ito kahit parang sasabog ang dibdib niya sa nerbyos. Tutal, alam lahat ng nandoon sa party ang tungkol doon.

"Taga-Ilocos si Jaime. Nang umalis ka, minabuti kong magbakasyon sa tiyahin ko sa Ilocos. Doon ko siya nakilala."

"I presume nagustuhan rin siya ng iyong mama," may pangungutya sa tinig na hayag nito.

"Mabait si Jaime. Siya ang nagbigay ng lakas ng loob sa akin para ipagpatuloy ang buhay ko," pagtatanggol niya sa namayapang asawa.

"You're telling me now na nasaktan ka nang umalis ako?" He was incredulous and sarcastic. "Bakit parang hindi halata?"

*Buksan mo ang puso ko. Makikita mo ang pilat na nilikha mo!* sigaw ng loob niya. Pero hindi niya naisatinig ang mga iyon.

"So, paano siya namatay?" he inquired.

"He was a soldier. Na-ambush siya ng mga *NPA*," tipid na sagot niya.

"This Eduardo, ano siya sa 'yo?" usisa ng lalaki.

"Bakit ba ang dami mong tanong?" Naiirita na siya.

"Why don't you just answer my question?" Allan himself was annoyed dahil sa patuloy niyang pag-iwas.

"Kung anuman si Ed sa akin, labas ka na roon," matigas na saad niya.

"Very well." Tumayo ito, hinawakan siya sa balikat at pilit siyang itinayo. "Let's dance then."

*Allan, no!* protesta sana ni Pia. Pero bago pa siya nakahuma, nahila na siya nito patungo sa mga nagsasayaw na pareha. Hindi na siya nagpumiglas pa para hindi makaagaw ng eksena.

It felt like the first time he took her in his arms. Parang pinanghinaan ang kanyang mga tuhod. At tila sinisilaban ang mga kamay niya na nakadantay sa matipuno nitong mga braso. But she desperately tried not to let it show.

Mariin siyang tinitigan ni Allan. "Magsimula tayong muli," pagsusumamo nito. He was unmindful

of the people around them.

“Hindi puwede.” She tried to sound cool and composed, kahit parang natutunaw siya sa mga titig ng binata.

“Bakit hindi? Gusto mo pa rin ako, di ba? I can see it in your eyes,” tugon nito.

“You’re hallucinating!”

“I can also feel it. You still want me,” giit nito.

“If you came back to have a fling with me, you’re in for a big disappointment.”

“Come on, Pia,” he snapped. “Alam mong hindi gan’on ang gusto ko.”

“Ano’ng akala mo sa akin, laruan? Isang bagay na iniwan mo at inilagay sa isang tabi at pagkatapos ng sampung taon, puwede mo uling balikan at angkinin?” she flared. Gusto niyang sigawan ito, sampalin. Pero ayaw niyang sirain ang birthday party ni Gemma.

“That’s exactly what I intend to do.”

“Ngayon pa lang, sinasabi ko na sa ’yo na wala kang maasahan sa akin. So if I were you, I’ll leave San Bartolome this minute, and for good.”

"Well, it's *you* who is in for a big disappointment, my dear," parang nanunuyang sabi ni Allan.

"A-ano'ng ibig mong sabihin?" Suddenly, she was afraid for what he was going to say.

"I'm staying here in San Bartolome. *For good*. Nabili ko na ang *Hacienda Anne*."

Her jaw dropped. Katapat mismo ng bahay niya ang *Hacienda Anne*!

---

Pagkatapos ng gabi ng party, malimit nang makita ni Pia si Allan sa bayan. Pero hindi ito pumapasok sa convenience store niya.

What was he up to? Had he given her up? Pakiramdam niya, isa siyang chess player na matamang nagmamasid ng galaw ng kalaban.

As expected, her mother was furious when she learned that Allan was back in town. Hindi niya kailanman nabanggit dito ang tungkol sa binata, sadya lang may pakpak ang balita dahil nalaman iyon ni Doña Filomena. At lalong nanggalaiti ang kanyang mama nang malaman nitong nabili ni Allan ang *Hacienda Anne* sa tapat ng bahay niya.

Dahil doon ay kaagad na sumugod sa bahay

niya ang ina.

"Mag-iingat ka, hija," paalala nito. "Natitiyak kong may binabalak na naman ang lalaking iyon. Baka mahulog ka ulit sa matamis niyang dila."

"Huwag kang mag-alala, Ma. I'm over him," sabi ni Pia para mapanatag na ang loob nito. Naiirita na siya sa pagpapaulit-ulit nito.

"Salamat naman, hija." Nakahinga ito nang maluwag. "Ano kaya kung lumipat na lang kayo ni Lana sa hacienda natin?" sa ikailang beses ay mungkahi nito. "Para hindi ka na magagambala ng lalaking iyon."

Umiling si Pia. "There's no need for that, Mama. I told you, I've learned my lesson. Kaya ipanatag mo ang loob mo. Hinding-hindi na uli ako paloloko sa kanya," she assured her mother.

Subalit si Doña Filomena ay isang tao na hindi agad-agad napapanatag ang loob. Hindi ito madaling kumbinsihin. Kaya kahit ano pa ang sabihin niya rito, maya't maya ay pinaaalalahanan siya nito. Patuloy ang warning ng ina sa kanya tungkol sa dating nobyo niya.

Hangga't maaari ay iniiwasan ni Pia na kumontra sa ina upang hindi na sila magkaroon ng argumento.

Tuwing Linggo ng hapon, sinusundo niya si Lana at si Yaya Viring sa hacienda ng kanyang mga magulang dahil doon nagpapalipas ng weekend ang mga ito. Kapaparada pa lang niya ng kanyang sasakyan sa driveway ng mansion nang namataan niya ang mag-yaya sa garden at halatang hinihintay siya. Nakahinga si Pia nang maluwag dahil hindi na niya kinailangang pumasok pa sa loob ng bahay. Kahit minsan man lang, maligtas siya sa interogasyon ng ina.

Kaagad na tumakbo palapit sa kanya ang anak nang makita siya. Kasunod nito ang yaya. Humalik ito sa kanya.

“You’re late again, Mommy,” himutok ni Lana.

“I’m sorry, anak. Alam mo namang maraming customers sa store.”

“Ewan ko ba naman sa mga tao na ’yan. Kung kailan ka magsasara, saka naman sila nagsisidatingan,” asar na sabi ni Yaya Viring.

“O, siya, sakay na kayo.” *Bago pa ’ko makita ng lola mo.*

Pagkasakay ng dalawa, kaagad niyang pinasibad ang sasakyan. Nakahinga siya nang maluwag nang makalayo na sila sa mansion.

Hindi naman kalayuan ang bahay niya mula roon. It was just a few minutes drive.

Napuna niyang tahimik si Lana habang nakaupo sa passenger seat sa kanyang tabi. Normally, panay ang daldal nito tungkol sa mga pinaggagagawa nito during the weekend.

"O, ano'ng ginawa mo today?" she inquired. "Baka pinasakit mo na naman ang ulo ng lola mo."

"Hay naku! Alam mo, Mommy, parang ang init-init lagi ng ulo ni Lola ngayon," nakalabing sabi nito.

"Oo nga, Ate," second the motion ni Yaya Viring.

"Bakit naman?" Her eyebrows arched.

"Ewan ko ba d'un! Galit na galit siya sa isang tao," ani Lana na nakalabi pa rin.

"Kanino?" tanong niya kahit alam na niya ang sagot.

Nagkibit-balikat ito."Ewan, Mommy. Basta ang lagi kong naririnig na sinasabi niya kay Lolo, 'Bakit pa siya bumalik?' 'Tapos, lagi niyang kinukulit si Lolo. Sabi niya, 'Gumawa ka ng paraan, Elino. Paalisin mo ang lalaking 'yun.'"

How right she was.  Si Allan nga ang taong

nabanggit.

“”Tapos kanina, narinig kong sabi ni Lola, sasaktan ka daw uli ng lalaking iyon. Sino ang lalaking iyon, Mommy? Kilala mo ba siya?”

Palapit na sila noon sa bahay nila.

“H-ha? Eh…” she stammered. Napalunok siya. “A-ang lalaking iyon ay—” Hindi na niya natapos ang kanyang sasabihin, madiin niyang naapakan ang preno.

Dahil ang lalaking tinatanong ng kanyang anak ay namataan niyang nakatayo sa harapan ng bahay nila.

---

“Ano’ng ginagawa mo dito, Allan?” she demanded, pagkababang-pagkababa niya ng kotse.

“Wala lang. Naisipan kong bisitahin ang aking mga kapitbahay.” He grinned na lalong ikinainis ng babae.

“Kapitbahay?” sabad ni Lana. “Kayo po ba ang nakabili ng *Hacienda Anne*?”

“Ako nga,” matabang na sagot ni Allan sa paslit. Kapag nakikita niya si Lana, hindi niya maiwasang

isipin ang tatay nito. Bumibigat tuloy ang loob niya.

"Papalitan po ba ninyo ng pangalan ang hacienda?" usisa pa nito.

"Hindi na siguro. I'll leave it that way. Pamilyar na kasi ang mga tao sa pangalan n'on."

Ngumiti ang batang babae. "Good, I like that name. Si St. Anne po ang patron saint ng mga horseriders na gaya ko."

"Really?" Allan was amused. Marahil ay hindi nito alam ang bagay na iyon.

"Lana, tulungan mo si Yaya Viring na buhatin ang mga dala kong groceries," utos niya upang mahinto ang pag-uusap ng dalawa.

Hindi tumutol ang kanyang anak, bagkus ay tumalima ito. Pero bago pumasok ng bahay si Lana, tinapunan nito ng nagtatakang tingin si Allan.

"Bakit ka naparito, Allan?" kaagad na tanong ni Pia.

"Gusto kitang makita," derechong sagot ng binata.

Gusto niyang panginigan ng katawan sa paraan nito ng pagtitig sa kanya. "Di ba sinabi ko na sa 'yo

na ayaw na kitang makita pa?"

Bago pa ito nakasagot, bumalik sina Lana at Yaya Viring sa kotse para hakutin ang mga natirang groceries.

Hinila siya ng anak. "Tayo na, Mommy. Baka saktan ka ng lalaking 'yan. Siya ang sinasabi ni Lola, di ba?" konklusyon nito.

"M-mauna ka na, anak. Pakakainin mo pa si Hazel, di ba?"

"Mamaya na, Mommy, pagkatapos nating kumain. Halika na." Pilit siya nitong hinihila.

"Yaya Viring, pumasok na kayo sa loob," utos niya.

"Opo, Ate." Dala ang ibang grocery bags ay isinama na ni Yaya Viring si Lana sa pagbalik sa loob ng bahay.

"Minana niya ang katigasan ng ulo mo," Allan mocked. "Or maybe, nagmana siya sa kanyang ama, kung sino man siya."

Kumunot ang noo ng babae. "Bakit ba parang mabigat ang loob mo sa anak ko?"

"Hindi sa gan'on. Actually, I like her. Hindi ko

lang maialis sa isip ko na anak mo siya sa ibang lalaki."

Napansin niya ang diin sa tono nito, at alam niyang nagagalit ito. "Stay away from us," utos niya.

"That's not exactly what I intend to do."

Bago pa siya nakahuma, nayakap siya ni Allan. At sa kabila ng kanyang pagpupumiglas, nakuyumos na siya nito ng halik sa labi. Halik na nagpabalik sa kanya sa nakaraan. Pakiramdam niya ay may tumamang kidlat sa kanya na gumising sa natutulog niyang damdamin.

His demanding kisses drove her wild. Katulad ng dati, nagawang tupukin ng mga halik nito ang puso at kaluluwa niya.

Kapwa sila humihingal nang bitawan siya ng binata. There was a satisfied look on his face.

"You still want me," he declared. "I can feel it."

"No, Allan," giit ni Pia. Pumiksi siya para makawala sa mga bisig nito, pero lalong humigpit ang yakap nito.

"Admit it, Pia. Walang binago ang sampung taon sa ating dalawa."

"Maraming nabago," salungat niya. "I'm not the same naïve Pia that I was. Hindi mo na ako maloloko ngayon. May Lana na ako and… si Eduardo." Sinadya niyang banggitin ang manliligaw dahil alam niyang ikagagalit iyon ni Allan.

At tama siya. Her remark regarding Eduardo really angered him.

"Bakit ba lagi mong ginagawang shield ang lalaking iyon laban sa akin?"

"Of course not! Sinasabi ko lang ang totoo."

"Nawala ako kaya naiintindihan ko kung bakit pumasok sa buhay mo si Eduardo. But now, I'm back. Bakit hindi mo ako bigyan ng isa pang pagkakataon?"

Dama niya ang sinseridad ni Allan. Pero naalala niyang halos ganoon din itong magsalita noon. Napaniwala siya nito dati, hindi na iyon mauulit ngayon.

Yumuko siya para itago sa lalaki ang pamumuo ng luha sa mga mata niya. "I'm sorry, Allan. You've had your chance, but you blew it."

"Sinasabi mo ba sa akin na walang saysay ang pagbabalik ko?" There was misery in his voice. Probably, *faked* misery.

“Well, that’s how things should be. Tinalikuran mo ako noon. Wala ka nang babalikan ngayon,” mariing hayag niya.

He was stunned. Tungo ang ulong lumakad ito palayo sa kanya.

Maagap na pumasok na si Pia ng bahay. Hindi na niya sinundan ng tingin ang dating kasintahan. Alam niyang hindi pa iyon ang huling pagkakataon na makikita niya ito.

# 4

"Siya ang lalaking sinasabi ni Lola, di ba, Mommy?" tanong kaagad ni Lana nang pumasok siya sa loob ng bahay.

Nakaligtas kanina si Pia sa interogasyon ng kanyang ina nang umalis kaagad sila sa hacienda. Pero wala pala siyang lusot sa kanyang anak. Natural na sa isang bata ang pagiging maurirat. At sa edad ni Lana, parang matanda na ito kung mag-aasta at magsalita.

"S-siguro, Anak," sagot niya kahit alam niyang hindi ito magiging kontento sa di-siguradong sagot.

"Sino siya, Mommy?"

"Siya si Allan Cabrera," tipid niyang sagot.

"I hate him, Mommy."

"That's bad, anak," kastigo niya. "Masamang kamuhian ang isang tao."

"Basta, I hate him," ulit nito.

"Ayokong saktan ka niya, Mommy. Ayoko sa kanya. Sana umalis siya dito," hiling nito.

“Anak, may karapatan siyang tumira kung saan niya gusto,” mahinahon niyang tugon.

“Kahit bayaran pa siya uli nina Lola at Lolo?”

Nagulat siya sa narinig. “Bayaran? A-ano’ng ibig mong sabihin?” tanong niya kahit alam niya ang tungkol doon.

“Narinig ko kasi na sinabi ni Lola kay Lolo na binayaran nila ang lalaking iyon noon para umalis,” prangkang turan nito.

Hindi nakapagsalita si Pia.

“Sinabi naman ni Lolo, baka hindi na umubra iyon ngayon.”

“Anak, di ba sinabi ko sa ’yo, hindi magandang nakikinig ang mga bata sa usapan ng mga nakakatanda?”

Napatungo si Lana. “I’m sorry, Mommy. Malakas kasi ang boses nila kaya narinig ko.”

“O, siya, sa susunod, huwag kang basta na lang nakikinig sa usapan ng Lola at Lolo, ha?” bilin niya sa anak.

“Opo, Mommy.”

“Sige na. Umakyat ka na sa room mo at magpalit

ng damit. Kakain na tayo mayamaya."

Tumalima kaagad si Lana. Pagtalikod nito, kaagad na dinampot ni Pia ang telepono. Kailangang masabihan niya ang ina na magdahan-dahan sa pagsasalita kapag naroon sa mansion ng mga ito ang anak niya.

On second thought, napagpasyahan niyang mas maigi kung kakausapin niya nang personal si Doña Filomena. Baka kasi maulinigan siya ni Lana. She knew very well that kids had big ears. Lalung-lalo na ng kanyang anak.

---

Kaagad niyang pinuntahan ang bahay ng mga magulang kinabukasan nang pumasok na sa eskuwela si Lana. Inatasan muna niya si Yaya Viring na tumao sa convenience store.

Tuwang-tuwa ang kanyang ina nang makita siya, ngunit hindi na niya pinagtagal ang pagkatuwa nito. Kaagad na sinumbatan niya si Doña Filomena sa mga narinig ni Lana mula rito na sa tingin niya ay hindi na dapat malaman pa ng bata.

"Nag-uusap lang kami ng iyong papa. Hindi ko alam na naririnig kami ni Lana," depensa nito. "Kung alam kong nakikinig siya, hindi ko babanggitin ang

tungkol sa lalaking iyon." Kahit kailan, hindi nito magawang banggitin ang pangalan ng dati niyang katipan.

"Alam ko, Ma. Pero sa susunod na banggitin ninyo si Allan, siguraduhin ninyong hindi kayo naririnig ni Lana. Marami na siyang tanong sa akin na nahihirapan kong sagutin. At hindi pa man, kinasusuklaman na niya si Allan base sa mga narinig niya sa inyo," pagtatapat niya.

"At ano'ng gusto mong gawin ko? Purihin ang lalaking iyon para kagiliwan siya ng aking apo?" galit na tugon nito.

"Hindi na kailangang malaman ni Lana ang tungkol sa nakaraan. Kaya kung anuman ang nalalaman niya ngayon, sana, hanggang doon na lang iyon. Huwag na ninyong dagdagan pa. Naiintindihan mo ba ako, Ma?"

"On the contrary, mas makakabuti siguro kung maipamulat natin kay Lana kung anong klaseng tao ang lalaking iyon. Baka kasi gamitin pa siya ng lalaking iyon para mabola ka muli."

"Mama, ang pangalan ng lalaking iyon ay 'Allan,'" paalala niya kahit sigurado siyang imposibleng nakalimutan na ni Doña Filomena ang pangalang

iyon.

“Utang-na-loob, huwag mo akong piliting banggitin ang pangalan ng lalaking ’yon!”

“Hindi ko man banggitin ang pangalan niya, hindi natin maikakailang nagbalik na siya. So stop pretending that he doesn’t exist. Gusto mo man o hindi, magkikita pa rin kayo.”

“Kaya nga mag-iingat ka. Kabisado ko ang ugali ng lalaking iyon. Gagawin niya ang lahat makuha lamang ang gusto niya. Minsan na niyang pinatunayan ang bagay na iyon,” paalala nito. “Kaya maiging kamuhian siya ni Lana.”

“Naiintindihan kita, Mama. Ang ayaw ko lang ay ’yung magalit din si Lana kay Allan.”

“Sabihin mo nga sa akin, gusto mo pa ba ang lalaking iyon?” usisa nito.

Inilayo ni Pia ang kanyang mga mata sa nanunuring tingin ng kanyang ina. “Minsan na akong nadapa. Tama na iyon,” pang-iiwas niya.

“Mabuti naman,” ani Doña Filomena. Pero mukhang hindi kumbinsido ang hitsura nito.

“Mabuti pa siguro, bumalik na ako sa store.”

"Go if you must. Siyanga pala, I'm preparing a special dinner bukas ng gabi. Pumunta kayo nina Lana, ah."

Imbitasyon iyon na hindi niya dapat tanggihan. "Sige, expect us to be here. I'd better go." Nagmamadali na siyang umalis sa mansion. Kailangan pa niyang bumalik sa kanyang bahay bago tumuloy sa store. Naalala niyang hindi pala napakain ni Lana si Hazel bago ito pumasok sa eskuwela dahil late na ito.

Nagmamadaling pinakain niya si Hazel pagdating sa bahay. Naghahanda na siyang pumunta sa store nang mamataang magulo ang ayos ng bahay dahil nga hindi na nakapaglinis si Yaya Viring nang umagang iyon. Minabuti niyang maglinis muna. After lunch na lang siya pupunta sa tindahan. Tutal ay naroon naman si Yaya Viring.

Pagkatapos mananghalian, nakaramdam siya ng antok. Dala marahil ng pagod niya sa paglilinis ng bahay. Humiga siya sa sofa sa sala at ipinikit ang kanyang mga mata. Ilang sandali pa ay tulog na siya.

Sandali pa lang nakakatulog si Pia nang may maulinigan siyang sasakyan na huminto sa tapat ng bahay. Tinanaw niya iyon mula sa bintana. Kumunot ang noo niya nang makitang iyon ang school bus ni Lana. Alas cuatro pa ang dapat na dismissal ng

klase nito kaya nagtaka siya kung bakit maaga itong umuwi. Kaagad siyang pumunta sa harapan ng bahay para salubungin ang anak.

Nakita niyang masaya si Lana pagkababa ng bus. At lalo itong natuwa nang makita siya.

"Mommy! You're here," bulalas nito. "How wonderful!"

"Maaga ka yata ngayon," puna niya.

"May-sakit po ang teacher namin. Wala namang puwedeng pumalit sa kanya kaya pinauwi na lang kami."

"Gan'on ba? O, magpalit ka na ng damit at sumama ka na lang sa akin sa store. Nandoon na si Yaya Viring mo at siya ang nagbabantay ngayon."

"Hayaan mo na si Yaya doon, Mommy," hiling ni Lana.

"At ano naman ang gagawin natin dito, aber?"

"Horseback riding tayo. Sige na, Mommy," paglalambing ng anak niya. "Matagal mo na akong hindi sinasamahang mangabayo."

Totoo iyon. Lalo na nang nabalitaan niyang nabili ni Allan ang *Hacienda Anne*. Malimit kasi

silang mangabayo sa bulubundukin ng hacienda na iyon.

"Sige, si Yaya Viring na lang muna ang tatao sa store ngayon. Pero dito na lang tayo sa bahay, anak. Magpahinga ka na lang o di kaya ay magbasa-basa ng mga libro mo."

"Sandali lang tayo, Mommy. Sige na, please… Promise, magbabasa ako ng mga books ko mamaya."

Makakatanggi pa ba siya? "O, siya, magbihis ka na ng riding clothes mo. At tatawagan ko lang si Yaya Viring para sabihin na siya muna ang bahala sa store."

"Yehey!" Tuwang-tuwa na nagtatatakbo ang bata papasok ng bahay para magpalit ng damit.

Naiiling na sinundan na lamang ito ni Pia ng tingin.

---

It was a perfect day for riding. Maulap ang kalangitan kaya ligtas sila sa init ng araw. Nakasakay si Lana sa kabayo nitong si Hazel samantalang nakasakay naman siya sa kabayo niyang si Ogie.

Nakaugalian na nilang mag-ina na maglibot sa bulubunduking parte ng *Hacienda Anne*. Kaibigan

ng kanyang mga magulang ang may-ari niyon kaya malaya nilang nagagalugad ang kalawakan ng lugar. Nakakarating pa sila roon sa mismong kinatitirikan ng mansion ng may-ari.

Noon iyon. Noong hindi pa nabibili ni Allan ang hacienda. Ngayon, may agam-agam siya sa kanilang pangangabayo.

Mabuti na lang at malayo pa mula sa kinaroroonan nila ang mansion. Sigurado siyang hindi sila matatanaw ni Allan doon.

Sa tuwina sa kanilang pangangabayo, si Lana ang nauuna at nakasunod lamang siya rito.

Nawili siya sa kanilang pangangabayo. Huli na nang makita niyang binabagtas na ni Lana ang daan patungo sa mansion. Papasok na ito sa gate.

"Baby, wait," tawag niya.

Maagap namang napahinto ni Lana ang kabayo nito. Nilingon siya nito. "Bakit, Mommy?"

"Hindi na yata tayo puwedeng pumasok pa diyan, anak," sawata niya. Bumaba siya mula sa kabayo at lumapit sa bakod doon.

"Bakit naman, Mommy? Di ba dati naman tayong pumapasok diyan?" Bumaba na rin ito mula

kay Hazel.

"Eh, noon iyon. Pero alam mo na ring iba na ang may-ari ng *Hacienda Anne*, di ba? Tingnan mo, may nakapaskil sa bakod."

Tinapunan ng tingin ni Lana ang itinuturo niyang nakapaskil na signboard—*Private Property: No Trespassing.*

Alam niyang nababasa ng anak  ang nakasulat. Pero sa murang edad nito, hindi nito gaanong naiintindihan kung ano ang ibig sabihin niyon.

Nakakunot-noong tumingin ito sa kanya, nagtatanong ang mga mata.

"Ang ibig sabihin niyan, Lana, ay hindi na tayo puwedeng pumasok diyan. Ipinagbabawal na ang pumasok sa loob," paliwanag ni Pia. Noon niya napansin na nasa ilalim ng isang puno si Allan sa di-kalayuan at nakasakay ito sa kabayo. At nakita na rin ito ng kanyang anak.

Tumalim ang mga mata ng bata.

"I hate him. Tayo na nga, Mommy. Baka pagalitan pa tayo ng lalaking iyon." Nagdadadabog na sumakay ito sa kabayo.

Nabigla yata si Hazel sa inasal ni Lana kaya

nagtatatarang ito at tumakbo nang matulin papasok sa loob ng hacienda.

"Lana!" sigaw niya.

"Mommy, help!" palahaw nito.

Nakita niyang pilit na nirerendahan ni Lana ang kabayo pero hindi nito makontrol iyon. Patuloy ang hayop sa pagtakbo nang matulin at walang direksyon.

Kaagad na sumampa siya sa kanyang kabayo at pinatakbo iyon nang matulin para sundan ang anak. "Baby, hold on!" tawag niya. "'Andiyan na ako!"

Ipinagpasalamat niyang magaling mangabayo si Lana at her age. At may presence of mind din ito. Hindi ito nag-panic at pilit na pinapakalma si Hazel. Kung ibang bata siguro, kanina pa ito nahulog mula sa kabayo.

Kahit anong bilis ang pagpatakbo niya, hindi pa rin niya malapitan si Lana. Animo ay naghuhuramentado ang kabayo nitong si Hazel sa sobrang bilis ng takbo.

Namalayan na lang niyang may lumampas sa kanya na isa pang kabayo. Lulan niyon si Allan. Ayaw man niyang malapitan nito si Lana, nagpasalamat

siya dahil may magliligtas na sa kanyang anak.

Kitang-kita niyang mabilis na nakaagapay ang binata kay Lana. Pinilit nitong patigilin ang kabayo ng bata pero mas lalo pa yatang bumilis ang takbo niyon. Pia was horrified when she saw that they were nearing a cliff. Kapag hindi tumigil ang kabayo ni Lana, mahuhulog ang kanyang anak sa tiyak na kamatayan.

Hindi niya mapigilang mapalahaw ng iyak.

Bigla, nakita na lamang niyang tumalon si Allan mula sa kabayo nito at dinamba si Lana. Kapwa nahulog ang dalawa mula kay Hazel. Nagpatuloy naman sa pagtakbo ang kabayo hanggang nahulog ito sa bangin.

Napapikit siya sa nasaksihan. Ngunit saglit lang ang pagka-shock niya sa sinapit ni Hazel. Bumalik ang kanyang atensyon sa anak na noon ay nakahandusay sa damuhan at yakap ni Allan.

“Lana, anak!” tangis niya nang makalapit sa bata. Nakita niyang wala itong malay-tao habang binibigyan ito ni Allan ng CPR. “Dalhin natin siya sa ospital!”

Hindi sumagot ang lalaki. Nagpatuloy ito sa ginagawa. Ilang saglit pa, nagkamalay na ang bata.

“Salamat po, Diyos ko!” umiiyak na pasasalamat niya.

“M-Mommy,” usal ni Lana. Halos namumutla ang mukha nito.

“Nandito ako, baby. Don’t worry, you’ll be fine,” pang-aalo niya rito.

“Sumunod ka na lang sa bahay. Pakisunod mo na rin ang aking kabayo,” utos ni Allan sa kanya.

Bago pa man nakapagprotesta si Pia, maagap na nabuhat ng lalaki si Lana at tinungo ang bahay nito.

Wala na siyang nagawa pa kundi ang sundin ang utos nito. Laking pasasalamat niya at maamo sa kanya ang kabayo ni Allan. Kaya walang problemang naigiya niya ang dalawang kabayo patungong mansion.

Habang pangko si Lana ay pumasok ang binata sa malaking bahay. Dapat ay matuwa siya kay Allan dahil sa pagsagip nito sa kanyang anak. Pero poot ang nadarama ni Pia para rito. Kung hindi nito ipinagbawal ang paglilibot sa hacienda nito, hindi sana inabot ng bata ang trahedya kanina.